

AFL-CIO

AMERICA'S UNIONS

NAPAPANATILI KA BANG LIGTAS NG IYONG PANTAKIP SA MUKHA?

Maaaring nasa lugar ka ng trabaho kung saan dapat magbigay ng mga respirator ang iyong amo upang mapanatili kang ligtas mula sa coronavirus.

Kinakailangan ng mga manggagawang pinakananganganib ang pinakamatatag na anyo ng proteksyon sa respiratoryo.

Sino ang pinakananganganib? Ang mga nagtatrabaho sa:



- May napag-alaman o mga pinaghihinalaang kaso (gaya ng pagtatrabaho kasama ang mga pasyente sa health care).
- Lubhang malapit sa isa't-isa (katulad ng mga kalagayan sa pagmamanupaktura).
- Lubhang malapit sa publiko (katulad ng sa transportasyon).

Ano ang pagkakaiba ng mask at respiratoryo?

Ang terminong “mask” ay kilalang kilala ngayon, ngunit maaaring iba ang kahulungan nito kaysa sa naiisip mo. Hindi lahat ng pantakip sa mukha ay nagbibigay ng parehong antas ng proteksyon mula sa coronavirus. [I-download ang talaan: Mga Respiratoryo, Mask at Face Shield.](#)

Mask: Kontrol sa Pinagmumulan—Pinoprotektahan ang Iba

- Tumutulong upang pigilan ang pagkalat ng virus (hindi pinoprotektahan ang nagsusuot).
- Pinipigilan ang malalaking partikulo (particle) na makalayo sa nagsusuot.
- Walang mga epektibong filter upang mahuli ang mga maliliit at sobrang liliit na partikulo (particle).
- Hindi kontrolado at sertipikado ng anumang gobyerno o mga ahensiya na nagtatakda ng pamantayan.

Respiratoryo: Pinoprotektahan ang mga Nagsusuot

- Kinakailangan ng mga manggagawang mas nasa panganib.
- Pagsasala at sukat—ang dalawa sa pinakamahalagang bagay upang matiyak na gumagana ang respiratoryo.
- Pinoprotektahan ang mga manggagawa sa pamamagitan ng pagsasala sa malalaki, maliliit at sobrang liliit na mga partikulo (particle) na kumakalat sa hangin, bago muling langhapin ang mga iyon.

- Mahigpit ang sukat sa mukha, pinipigilan ang paglabas o pagpasok ng hangin nang hindi nasasala ng mask.
- Sertipikado ng mga ahensiya ng gobyerno ng U.S. upang matiyak ang kalidad at pagiging epektibo.
- Ipinag-uutos ng Occupational Safety and Health Administration sa lahat ng mga empleyado na magsagawa ng pagsusukat upang matiyak ang wastong lapat sa mukha at ipag-utos ang pagsasanay sa paggamit nito, kung paano isuot at hubarin nang ligtas, at ang mga limitasyon nito.
- Markado ng mga numero gaya ng N95, N100, na tumutukoy sa bisa ng filter. Ang mga filter na ito ay bahagi ng mga disposable o reusable na respirator.
- Kinilala na disposable, ang mga N95 ay nasa balita ngayon.
- Itinalaga bilang mga reusable na respirator, ang mga elastomeric at mga powered air purifying respirator (PAPRs) ay mas nagbibigay ng proteksyon dahil may mas mabibisang filter ang mga iyon at mas lumalapat sa iyong mukha, at mas tipid dahil sa pangmatagalang paggamit.

Hindi nakakakuha ng proteksyon sa respiratoryo ang mga manggagawa mula sa kanilang mga amo na kanilang kailangan upang maging protektado sa COVID-19.

Sa ilalim ng batas OSHA, pananagutan ng mga amo ang:

- Pagbibigay ng mga respirator at iba pang PPE.
- Pagbabayad sa mga iyon.
- Pagpapasukat sa mga manggagawa.
- Sapat na pagsasanay sa mga manggagawa sa tamang paggamit ng mga iyon.



Marami sa mga employer ang hindi nagbibigay ng tamang antas ng filter na proteksyon sa respiratoryo.

GINAGAWA NITONG HINDI PROTEKTADO ANG MGA MANGGAGAWA.



Ang iba ay gumagamit ng mga maling sistema para linisin ang mga respirator na dapat ay ginagamit lang sa mga disposable at nakatalagang pang-isahang gamit.

BINABAWASAN NITO ANG PAGIGING EPEKTIBO NG MGA IYON.



Marami sa mga manggagawa ang hindi pinagsusukat o sinasanay sa mga respirator na ibinigay.

PELIGROSO ITO PARA SA MGA MANGGAGAWA.



INILALAGAY NITO SA MATINDING PANGANIB ANG MGA MANGGAGAWA.

Kakulangan sa mga Respiratoryo

- Hindi tinitiyak ng pederal na gobyerno na nakagawa at nakabili ng sapat na mga respiratoryo upang mapanatiling ligtas ang mga tao sa panahon ng pandemyang ito.
- Itinatago ng mga amo ang kagamitang ito at pinipilit ang mga manggagawa na gamitin muli ang mga kagamitan na dapat ng itapon.
- Hinihingi ng mga unyon na palakasin ang produksyon ng mga reusable na personal na respiratoryo.
- Ang mga reusable na respiratoryo ay nagbibigay sa mga manggagawa ng mas mahusay na proteksyon sa virus kaysa sa mga N95 na respirator, madaling i-sanitize at mas matipid kaysa sa mga N95.

Ang mga proteksyon sa respiratoryo at PPE (tulad ng mga guwantes, gown, surgical mask, face shield) ay dapat laging gamitin kasabay ng iba pang proteksyon tulad ng pisikal na pagdidistansiya, mga harang, mga hakbang sa kalinisan, atbp.

MAYROON KANG KARAPATAN NA MAGING LIGTAS SA TRABAHO.

Maaaring hindi sapat ang ginagawa ng iyong amo upang mapanatili kang ligtas. Alamin ang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan sa isang ligtas na lugar ng trabaho at kung paano mapapabuti ng kolektibong aksyon (collective action) kasama ang iyong mga katrabaho ang kaligtasan sa lugar ng trabaho at makapagligtas ng buhay.